

### WARM-UP

- Para sa 'yo, ano ang magandang trabaho? Bakit?
- Ano ang isang bagay na maaari mong baguhin tungkol sa trabahong ginagawa mo o tungkol sa paligid kung saan ka nagtatrabaho?
- Ibahagi ang isang mahalagang aral na natutunan mo tungkol sa pagtatrabaho.

### WORD

*<sup>5</sup>Mga alipin, sundin n'yo ang inyong mga amo rito sa lupa nang may katapatan, paggalang at pagkatakot na parang si Cristo ang pinaglilingkuran ninyo. . . .*

*<sup>9</sup>At kayo namang mga amo, tratuhin ninyo nang mabuti ang inyong mga alipin at huwag ninyo silang tataktutin o pagbabantaan, dahil alam naman ninyong kayo at sila ay may iisang amo sa langit, at wala siyang kinikilingan kahit sino. **MGA TAGA-EFESO 6:5, 9***

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 6:6-8**.)

Tinawag ni apostol Pablo ang iglesya upang ipahayag si Cristo sa lahat ng kanilang mga ugnayan, at kabilang dito ang mga alipin at amo. May mga nagulat na kinausap din ni Pablo ang mga alipin sa kanyang sulat dahil naisip nila na ipinapalaganap niya ang pagkakaroon ng alipin. Subalit kabaligtaran nito ang katotohanan. Sa kanyang pakikipag-usap sa kanila, kinilala sila ni Pablo bilang bahagi ng Iglesya at ng sambahayan ng mga Kristiyano. Sa isang lipunan kung saan sila ay itinuturing lamang na isang buhay na kagamitan sa bahay, ang ginawa ni Pablo ay isang radikal na kaisipan na kalaunan ay magpapalaya sa mga alipin. Sa pakikipag-usap sa mga amo matapos bigyan ng patnubay ang mga alipin, malinaw na sinasabi sa kanila ni Pablo na ang mga amo at mga alipin ay parehong nasa ilalim ng pagka-Panginoon ni Cristo.

Ang mga prinsipyo sa pahayag na ito ay maaari pa ring ipatupad sa atin sa kasalukuyan sa konteksto ng pagtatrabaho o pagbibigay ng trabaho. Ang mga nagbibigay ng trabaho at mga may-ari ng negosyo ay maaaring mang-abuso o mang-api ng mga taong nagtatrabaho para sa kanila. Kung tayo ay mga totoong tagasunod ni Cristo, kahit pa malayo sa huwaran ang ating mga sitwasyon, maaari pa rin tayong maging mga kinatawan Niya. Dahil sa biyaya ng Diyos, magagawa natin Siyang parangalan sa pamamagitan ng ating isipan, pananalita, at buhay.

## 1 | Dapat tayong magpasakop sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.

*Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.*

**MGA TAGA-EFESO 5:21**

Sa isang lipunan kung saan natural lamang ang pagkakasala, kasakiman, at paggamit ng kapangyarihan laban sa iba, ang pagpapasakop sa *isa't isa bilang paggalang kay Cristo* ay tila hindi makatotohanan at hindi makikita sa mundo. Ano ang hangganan ng pagpapasakop na ito? Saan natin ilalagay ang hati? Una sa lahat, bakit natin ito kailangang gawin? Taliwas sa lahat ng likas nating naiisip at nararamdaman, inuutusan tayo ng Bibliya na magmahalan, magkaisa, at magpakumbaba. Si Jesus Mismo ay nagpakita nito. Sa palagay mo, paano nakikita ang kapwa pagpapasakop sa trabaho o sa merkado? Paano ito makaka-akay ng mga tao palapit kay Cristo?

---

## 2 | Dapat tayong magtrabaho bilang mga lingkod ni Jesus.

*<sup>5</sup>Mga alipin, sundin n'yo ang inyong mga amo rito sa lupa nang may katapatan, paggalang at pagkatakot na parang si Cristo ang pinaglilingkuran ninyo. <sup>6</sup>Gawin n'yo ito nang kusang-loob hindi dahil nakatingin sila para sila'y malugod, kundi dahil mga alipin kayo ni Cristo na gumagawa ng kalooban ng Diyos.*

*<sup>7</sup>Maglingkod kayo nang may mabuting kalooban na para bang ang Panginoon mismo ang pinaglilingkuran n'yo at hindi ang tao.*

*<sup>8</sup>Alalahanin ninyong gagantimpalaan ng Panginoon ang bawat isa ayon sa ginawa niyang mabuti, maging alipin man siya o hindi.*

**MGA TAGA-EFESO 6:5-8**

Sa palagay mo, gaano kalaki ang kaibahan ng pagtatrabahong ginagawa ng isang empleyado kapag ang amo n'ya ay nasa paligid lamang, o kung may malaking *bonus* na makukuha sa tinatapos niyang trabaho? Likas para sa atin ang pasayahin ang mga taong pinaglilingkuran natin. Subalit, sa pahayag na ito, nagbigay si Pablo ng isang radikal na kaisipan. Paano kung para kay Jesus tayo magtatrabaho? Paano kung pinapanood Niya tayo? Paano kung gagantimpalaan Niya tayo? Kung tayo ay mga tagasunod ni Cristo, Siya ang ating amo at tagapagbigay ng gantimpala. Tayo ay dapat na magtrabaho at maglingkod bilang Kanyang mga lingkod. Bakit tayo dapat na mamuhay sa paraang magbibigay kasiyahan sa Kanya at hindi sa kapwa natin tao?

---

---

### 3 | Dapat tayong manuno bilang mga lingkod ni Jesus.

*At kayo namang mga amo, tratuhin ninyo nang mabuti ang inyong mga alipin at huwag ninyo silang tatakutin o pagbabantaan, dahil alam naman ninyong kayo at sila ay may iisang amo sa langit, at wala siyang kinikilingan kahit sino.*

#### **MGA TAGA-EFESO 6:9**

Ang mga nagbibigay ng trabaho ay may kapangyarihan sa mga taong nagtatrabaho para sa kanila. Subalit maging ang mga among tagasunod ni Cristo ay sinabihang mamuno bilang mga tagapaglingkod Niya—hindi nagbabanta sa kanilang mga alipin o kaya ay nang-aabuso ng kanilang kapangyarihan. Ang mga nagpapatrabaho ay maaaring maging mapagpakumbaba sa kanilang mga pamamaraan kapag kinilala nila na sila ay may pananagutan din sa Diyos, ang nag-iisang may kapangyarihan sa buhay ng mga nagtatrabaho at mga nagpapatrabaho. Nakikita Niya ang nasa puso ng bawat isa at ang kanilang pagsusumikap, at wala Siyang kinikilingan o itinuturing na paborito. Nang sabihan ni Pablo ang mga amo na *tratuhin ninyo nang mabuti ang inyong mga alipin*, ano ang ibig niyang sabihin (Mga Taga-Efeso 6:5–9)?

---

---

## APPLICATION

- Dahil sa kaalaman na ang iyong trabaho at paglilingkod ay para sa karangalan ng Diyos, ano ang isang bagay na kailangan mong gawin sa ibang pamamaraan simula ngayong linggo? Paano mo mapapakitunguhan nang maayos ang mga tao?
- Ano sa palagay mo ang layunin ng Diyos para sa iyo sa tungkuling ginagampanan mo ngayon? Paano mo Siya mapaparangalan sa pamamagitan ng ipinapagawa Niya sa 'yo'?
- Kung ikaw ay may trabaho, paano ka magiging kinatawan ni Cristo sa lugar kung saan ka nagtatrabaho? Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang probisyon at pangangalaga sa buhay mo. Ipanalangin na patuloy kang lumago sa kung saan ka man Niya nilagay at magawa mo Siyang parangalan sa pamamagitan ng paraan mo ng pagtatrabaho.
- Ipanalangin ang mga taong nakakatrabaho mo. Ipanalangin na ang halimbawa mo ay maka-akay sa kanila palapit sa Diyos.
- Ipanalangin na ikaw ay maging kinatawan ni Cristo sa pamamagitan ng integridad, pagpapakumbaba, at lakas ng loob na ipangaral ang ebanghelyo.



**VICTORY**

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph